- Our faith is a gift yet it is also our doing. In other words, the grace of faith does not only depend on our own doing and effort but depends on God for two things: First, God's gift of revelation throughout salvation history; second, for the grace of the Holy Spirit's interior illumination and inspiration (CFC 149)

- Faith requires cooperation from us who receives it. St. Paul expressed that "faith comes from what is heard, and what is heard comes through the word Christ" (Rom 10:17).

- This act or sense of hearing 'not' only means listening † the Word of God in Sacred Scriptures and Church teachings but also involves discerning God's presence in us every day. Faith flows from loving. It does not require many proofs or explanations for "it bears all things, believes all things hopes all endures all things" (1 Cor 13:7). The apostle Thomas doubted what the other

disciples had witnessed. He needed concrete proof of the testimonies.

- There are moments in our life when we are skeptical like Thomas; are not easily convinced by the testimonies of others. But the challenge for Thomas is not that difficult and this is our challenge too. Jesus said: "Put your finger here and see my hands, bring your hand and put it into my side and do not be unbelieving but believe" (Jn 20:27)

- May we learn like Thomas, to extend more, to reach out to Jesus and have faith in Him, so that in the end, just like what he did, we can also have the strength and conviction to say, "My Lord and My God," for "Blessed art those who have not seen and have believed" (Jn 20:29).

MABISANG KOMUNIKASYON

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

1 INTRODUKSYON SA MABISANG KOMUNIKASYON AT KONTEKSTONG PERSONAL AT INTERPERSONAL

Binigyang pakahulugan ang komunikasyon bilang isang pasalita o pasulat na pagpapahayag, pagpapalitan o paghabahagi ng ideya, damdamin, impormasyon, at iba pa.

Ayon kay Levi Durbidge (2022), ang mabisang komunikasyon ay nangangailangan ng higit sa pagkakaroon ng kaalaman sa panuntunan ng wika; kabilang dito ang pagkakaroon ng kakayahang umu umunawa at magamit ito sa konteksto ng lipunan at sa pamantayang kultural.

PASALITA

Upang higit na matiyak ang pagkakaroon ng mabisang komunikasyon ay kinakailangang isaalang-alang ang modelo ng gang modelo ng **PASALITA**

- **P: Pook at Pangyayari** - Tumutukoy ito sa pisikal na lugar at sikolohikal na kalagayan ng komunikasyon. Kabilang dito ang oras, lugar, at kontekstong panlipunan
- **A: Aktor** - Ang mga taong bahagi ng usapan at ang kanilang ugnayan at papel
- **S: Sadya** - Layunin o intensyon ng komunikasyon. Ano ang nais makamit ng mga kalahok sa pag-uusap?
- **A: Ayos ng Usapan** - Daloy o pagkakasunod-sunod ng mga bahagi ng usapan paano ito nagsimula, umusad, at nagtapos.

- **L: Lunan ng Damdamin** - Ang tono o emosyonal na estilo ng komunikasyon-pormal ba ito, magaan, masaya, galit, seryoso, atbp.
- **I: Instrumento** - Mga midyum o paraan ng pagpapahayag, tulad ng pasalita, pasulat, kilos, teknolohiya, atbp.
- **T: Tuntunin** - Mga inaasahan, panuntunan, o pamantayang sinusunod sa isang partikular na lipunan o kultura habang nakikipag komunikasyon.
- **A: Anyo ng Usapan** - Uri o anyo ng komunikasyon, tulad ng kwentuhan, talumpati, sermon, debate,

PAGBASA AT PAG-UNAWA

Ang multimodal ay tumutukoy sa mga bagay na gumagamit ng dalawa o higit pang moda ng komunikasyon, halimbawa ay mga larawan, kilos, musika, pasalita, at/o pasulat na wika.

Kabilang din dito ang mga sayaw, patalastas, mga napapanood na video sa internet o maging ang mga pagtatanghal sa paaralan. Samantala, ang tekstong multimodal naman ay tiyak na uri ng multimodal na nakatuon sa mga teksto. Kabilang dito ang anumang mga tekstong gumagamit ng dalawa o higit pang paraan upang maipahayag ang kahulugan.

MGA URI NG MULTIMODAL

1. **Modang Papel:** ay maaaring nasa modang papel aklat, komiks, posters, at iba pa.
2. **Modang Digital:** ay maaaring nasa modang digital- slide presentations. e-books, blogs, e-posters, web pages, publication material,

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

animation, pelikula, at maging ang video games.

3. **Modang Aktuwal:** sa pamamagitan ng isang pagtatanghal o mga pangyayari.
4. **Modang Transmedia:** ay isinasalaysay sa pamamagitan ng iba't ibang delivery channels o kombinasyon ng iba't ibang paraan sa paggamit ng midyum.

Ayon kay Jenkins (2011), nagagawa ng transmedia na higit na linangin ang kuwento sa bawat midyum na ginagamit katulad ng pagbabalik-tanaw bago ang mismong kuwento, pagdaragdag ng mga episode o higit pang paglinang sa mga tauhan at banghay.

PERSONAL AT INTERPERSONAL NA KOMUNIKASYON

INTERPERSONAL

Ito ay mula sa salitang inter na nangangahulugang sa “pagitan ng-.” Ito ay pakikipag-ugnayan ng/dalawa o higit pang tao.

Ang pakikipag-usap sa kaibigan, guro, o pamilya ay isang halimbawa ng interpersonal na komunikasyon.

PERSONAL

Ang personal na komunikasyon naman ay sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng isang tao sa kaniyang sarili.

Ang pangangarap, pag-iisip, pangamba, at pag-aaral nang mag-isa ay ilan lamang sa halimbawa ng personal na komunikasyon.

IBA'T IBANG SALIK SA KOMUNIKASYON

1. **Konteksto** - tumutukoy ito sa kalagayang ginaganapan ng komunikasyon. Maaaring sa anyong pisikal o kalagayan na

pinangyarihan ng komunikasyon; sosyal o relasyon ng mga kalahok sa usapan; pangkasaysayan o kaugnayan sa mga naunang paksang napag-usapan; at sikolohikal o kasalukuyang kalagayan ng indibidwal.

2. **Kalahok** - tumutukoy ito sa mga taong bahagi ng komunikasyon. Nagsisilbi rin silang tagahatid at tagatanggap ng komunikasyon.
3. **Mensahe** - tumutukoy ito sa paksang pinag-uusapan o ideyang nais iparating ng tagapagsalita.
4. **Midyum o Daluyan** - tumutukoy ito sa mga bagay na dinadaan ng isang mensahe katulad ng cellphone
5. **Tugon** - tumutukoy ito sa sagot mula sa natanggap na mensahe.
6. **Ingay** - tumutukoy ito sa mga panlabas na ingay na naririnig tulad ng mga tunog na nagmula sa paligid na ginaganapan ng komunikasyon.

Kaugnay nito, ayon sa pag-aaral ng WorldMetrics (2024), higit 90% ng mensahe ay naipahahayag sa pamamagitan ng tono at kilos sa halip na mga salita. Kaya naman, may pagkakataong kahit gaano kaganda ang mensaheng nais iparating ng tagapagsalita ay nagkakaroon ng ibang pagtanggap ang mga tagapakinig batay sa tono o paraan ng pagkakasabi rito.

Ang tono ay tumutukoy sa anyo o damdaming kalakip ng ating tinig na maaaring magpakita ng galit, tuwa, o lungkot, samantalang ang intonasyon naman ay ang pagbabago sa antas ng ating boses-pagtaas o pagbaba-habang tayo'y nagsasalita.

Tandaang ang mga sangkap na nabanggit ay may malaking epektong maidudulot sa

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

kabuoang mensaheng ipinararating ng tagapagsalita kung kaya't kailangang isaalang-alang ang mga ito upang higit na maging malinaw ang mensaheng nais iparating sa taong kinakausap.

MAKRONG KASANAYANG PAKIKINIG, PAGBABASA, AT PANONOOD

PAKIKINIG

- Ang pakikinig ay proseso ng pagbibigay-pansin at pagtanggap sa isang mensaheng napakikinggan o naririnig sa pamamagitan ng pag-iisip.
- Ito ang pinakamabilis na paraan ng pagkuha ng impormasyon.

Nagsisimula ito sa pagtanggap ng tunog na nagsisilbing stimulus o pampukaw na nagmumula sa paligid o taong kinakausap.

Ang tunog ay naglalakbay bilang sound wave patungo sa ating tainga at dinadala ng auditory nerves patungo sa sentro ng pang-unawa o ang utak. Sa bahaging ito binibigyang pakahulugan ang tunog na narinig kung ito ba ay salita, musika, babala, atbp.

Upang maisakatuparan ang angkop na kasanayan sa pakikinig ay kailangang isaalang-alang ang sumusunod:

1. **Paghahanda sa Sarili sa Pakikinig**
- Sa bahaging ito ihahanda ang layunin ng pakikinig, pagtukoy sa mensahe ng pakikinggang impormasyon at pagtuon ng atensiyon sa tagapagsalita.
2. **Pag-alala sa Narinig** - Kinakailangang tandaan at alalahaning mabuti ang mahahalagang impormasyong narinig upang maging angkop ang ibibigay na tugon sa taong kausap.

3. **Kritikal na Pakikinig** - Mahalaga rito ang konsentrasyon sa pakikinig dahil sa bahaging ito kinakailangang masuri rin ang mga impormasyong napakinggan. Kailangang timbangin ang halaga ng mensaheng tinanggap at matuklasan ang nakatagong mensaheng nakapaloob dito.

4. **Panlabas na Salik sa Pakikinig** - Nakapaloob dito ang edad, kasarian, oras, at maging ang kultura ng mensaheng pinanggagalingan. Mahalagang isaalang-alang ang mga ito upang lubos na maunawaan ang kabuoang mensaheng nakapaloob sa impormasyong napakinggan.

5. **Malawak na Pagtanggap sa Mensaheng Napakinggan** - Isinasagawa ang pakikinig upang makakuha ng impormasyon, iwasang isara ang isip kung taliwas sa paniniwala ang impormasyong narinig. Patapusin ang tagapagsalita upang lubos na maunaawaan ang mensaheng ipinararating at magbigay ng feedback kung kinakailangan.

Si William S. Gray ang kinikilalang ama ng pagbasa. Binigyan niya ng pakahulugan ang pagbasa bilang isang proseso ng pagkilala sa mga salita at pag-unawa sa mga kahulugan nito.

Kaugnay ito ng kahulugang isinaad ni Virgilio Almario. Ayon sa kaniya, ang pagbabasa ay hindi lamang simpleng pagtanggap ng mga salita kundi isang aktibong proseso ng pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa tekstong binabasa.

PAGBASA

Ayon kina Applebee et al. (2000), ang sumusunod ay mga estratehiyang dapat

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

isaalang-alang upang magkaroon ng epektibong pagbabasa:

1. **Pagpapalagay Huminto** - paminsan-minsan habang nagbabasa at subukang bulaan angkasunod na mangyayari o ang katapusan nito sa ganitong paraan ay nagkakaroon ng inter-aksiyon ang mambabasa't manunulat. Matitiyak ding nauunawaan ang binabasa lalo kung hindi nalalayo ang hula sa naging kasunod o katapusang ng akdang binabasa.
2. **Pag-uugnay** - lugnay ang iyong sarili sa binabasang akda. Ihambing ang iyong mga karanasan sa mga detalyeng nabasa. Sa ganitong paraan ay maiiwasan ang pakiramdam ng pagkabagot sa pagbabasa.
3. **Paglalarawan** - Sikaping bumuo ng mga larawan ng mga pangyayari sa binabasang akda sa imahinasyon upang higit na maunawaan ang mga pangyayari.
4. **Pagtatanong** - Bumuo ng katanungan habang nagbabasa. Ang pagtatanong ay palatandaan ng kritikal na pag-iisip, nakatutulong din ito upang higit na mailapit ang sarili sa binabasa.
5. **Paglilinaw** - Suriin ang iyong pagkakaunawa sa akdang binabasa. Kasabay ng minsanang paghinto kapag nagpapalagay ay maaari ding isabay ang pagsusuri sa mga impormasyong natanggap kung nauunawaan ba ang mga ito. Balikan at muling basahin ang ilang detalye kung kinakailangan. Maaari ding gumamit ng diksiyonaryo kung may ilang salitang kailangang bigyang-linaw.

6. **Pagbuo ng Ebalwasyon Maaari** - itong isagawa habang at pagkatapos magbasa. Bumuo ng opinyon mula sa mga impormasyong nasagap sa akdang binasa. Sa bahagi ring ito maaaring suriin ang mga nakatagong mensahe sa mga pahayag na binasa.

Ang panonood ay pagsubaybay sa paraan ng pagtingin sa isang pangyayari o pag-unawa sa mensahe o ideya ng isang palabas, video recording, at iba pang visual media sa pamamagitan ng pagmamasid. Ayon kay Masey (2022), ang kasanayang ito ang pinakamabilis at pinakamabisang paraan ng pagkatuto.

PANONOOD

Ang sumusunod ay mga antas ng pag-unawa sa panonood na kailangang isaalang-alang upang matiyak ang pagiging epektibo nito sa paglalahad at pagtanggap ng impormasyon ng mga tagapanood:

ANTAS NG PAG-UNAWA SA PANONOOD

1. **Literal** - Pinakapayak na antas ng panonood. Sa antas na ito inuunawa ang mga tiyak na detalye mula sa pinanood. Kabilang dito ang mga impormasyon tulad ng pagkilala sa mga tauhan, pag-alam sa pangyayari, at pagsagot sa mga tanong na kailan, saan, at paano ito naganap.
2. **Interpretatibo** - Sa antas na ito, lumalampas na ang manonood sa literal na pag-unawa at nagsisimula nang magbigay-kahulugan sa mga kilos, simbolo, o diyologo sa pinanood.
3. **Kritikal** - Tumutukoy sa masusing pagsusuri ng nilalaman, layunin, at paraan ng pagkakalahad ng mensahe sa isang palabas. Sa antas

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

na ito, natutukoy kung may pagkiling ang pinanonood o may kredibilidad ang impormasyong ibinahagi.

4. **Internatibo** - Sa antas na ito, naiuugnay ng manonood ang kaniyang sarili. Sa madaling salita, dito isinasaalang-alang ng manonood ang personal na epekto ng napanood sa kaniyang sarili tulad na lamang ng pagkakaroon ng pagbabago sa pananaw dahil sa mensahe ng napanood na palabas.
5. **Malikhain** - Ito ang pinakamataas na antas ng panonood, nagagamit ng manonood ang kaniyang imahinasyon upang makalikha ng bago mula sa kaniyang napanood katulad na lamang ng pagbuo ng bagong bersiyon ng kuwento mula sa napanood na pelikula.

MGA TIYAK NA PARAAN UPANG MAKILALA AT MAUNAWAAN ANG MGA ELEMENTO NITO

1. **Pagsusuri sa Layunin ng May-akda** - Ayon kay Santiago (2016), mahalagang matukoy ang layunin ng mensahe kung ito ba ay naglalayong magbahagi ng impormasyon, manghikayat, o magpahayag ng damdamin dahil sa pamamagitan nito, mas malinaw na makikita ang pangunahing diin ng teksto at higit na mauunawaan ang pangunahing ideyang nais iparating ng tagapagsalita o may-akda.
2. **Pagtukoy sa mga Pantulong na Detalye at Ebidensyang Inilahad** - Upang matukoy kung ang mensahe ay nagpapahayag ng katotohanan, kailangang suriin kung ito ay may sapat na ebidensyang sumusuporta, gaya ng datos, estadistika, o resulta ng

pananaliksik. Samantalang ang damdamin ay karaniwang lumilitaw sa mga personal na sanaysay o pahayag na nagpapahayag ng pananaw o opinyon ng may-akda

3. **Pagkilala sa Gamit ng Wika at Estilo** - Ang paggamit ng obhetibong wika ay karaniwang nagpapahiwatig ng impormasyong nakabatay sa katotohanan. Samantala, ang subhetibong wika ay nagpapahayag ng damdamin, saloobin, o personal na pananaw ng tagapagsalita o may-akda.
4. **Komparatibong Pagsusuri** - Upang matiyak kung ang nilalaman ay totoo, may saligan, o haka-haka lamang ay maghambing ng mensahe sa iba pang mapagkakatiwalaang sanggunian lalo na sa mga usaping may sensitibong paksa.
5. **Pagtatanong** - Ang pagtatanong gaya ng "Ano ang sinasabi ng teksto?", "May batayan ba ang sinabi?", "Sino ang nagsalita o nagsulat nito?", at "Ano ang tono ng pagkakasulat?" ay bahagi ng mapanuring pagbasa. Sa pamamagitan ng mga tanong na ito, nagkakaroon ng mas malalim na pagsusuri sa nilalaman ng mensahe upang matukoy kung ito ay nakabatay sa katotohanan o opinyon, at kung ang ginamit na wika andednem ay obhetibo (objective) o subhetibo (emotional).

Layunin ng ganitong pamamaraan na linangin ang kakayahan ng mambabasa na suriin ang kredibilidad ng impormasyon at ihiwalay ang emosyonal na impluwensiya mula sa makatotohanang datos.

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

2 ANGKOP NA KOMUNIKASYON SA IBA'T IBANG AWDYENS AT KONTEKSTO

Ang **barayti** ng wika ay tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng anyo ng wika batay sa mga salik gaya ng heograpiya, edad, katayuang panlipunan, o grupong kinabibilangan. Sa kasong ito, ang mga nabanggit na salita ay malinaw na produkto ng sosyolek, isang uri ng barayti ng wika na umuusbong batay sa sosyolohikal na salik, partikular sa grupo ng mga kabataan.

MAHALAGANG KONSEPTO

Tandaan, ang barayti at rehistro ng wika ay mahalagang konsepto sa pag-unawa ng masining at mabisang komunikasyon. Samantalang ang rehistro ng wika ay tumutukoy sa espesipikong gamit ng wika batay sa konteksto ng usapan, layunin ng komunikasyon, at ugnayan ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng barayti at rehistro, naipapakita ang kakayahan ng wika na umangkop sa iba't ibang grupo at sitwasyon, na siyang nagpapatunay sa dinamismo at kahalagahan nito sa lipunan. Ang masusing pag-unawa sa dalawang konseptong ito ay nakatutulong hindi lamang sa pagsasalita, kundi sa mas epektibong pakikipag-ugnayan sa iba't ibang antas ng komunikasyon.

MAHALAGANG TANONG

Paano nakatutulong ang pag-unawa sa barayti at rehistro ng wika sa mas epektibong pakikipagkomunikasyon sa iba't ibang konteksto ng lipunan?

TUKLASIN MO!

Sa pamamagitan ng barayti at rehistro ng wika ay higit na mabibigyang-linaw ang paraan ng epektibong pakikipagtalastasan

sa iba't ibang sitwasyon. Nakatutulong din ito upang masusing maunawaan ang pagkakaiba-iba ng gamit ng wika at mapalalim ang kamalayang sosyolingguwistiko ng mga mag-aaral. Sa bahaging ito ay palalalimin pa natin ang pag-aaral nito.

PAGBASA AT PAG-UNAWA

Ayon kina Santiago at Tiangco (2003), ang barayti ng wika ay maaaring uriin bilang **heograpikal**, na tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng wika batay sa lokasyon, at **sosyal**, na nakabatay naman sa katayuang panlipunan ng mga tagapagsalita.

Ang wikang ginagamit sa lipunan ay nagtataglay ng iba't ibang barayti na bunga ng pagkakaiba-iba sa sosyolohikal at heograpikal na konteksto ng mga tagapagsalita. Kabilang sa mga salik na nakaaapekto sa pagkakaibang ito ang lokasyong heograpikal, antas ng edukasyon, propesyon o okupasyon, edad, kasarian, at etnikong kinabibilangan. Ang heterogenous na katangian ng wika o ang hindi pagiging iisa o homogenous ng mga gumagamit nito ang pangunahing dahilan ng pag-usbong ng mga baryasyon sa wika. Mula sa mga baryasyong ito ay nahubog ang iba't ibang barayti ng wika, batay sa pagkakaiba ng mga tagapagsalita at sa kontekstong kanilang ginagalawan.

HETEROGENOUS AT HOMOGENOUS

HOMOGENOUS - Pare-parehong magsasalita ang lahat ng gumagamit ng isang wika.

HETEROGENOUS - Iba-iba ang uri ng wika na sinasalita ng isang tao kaya nagreresulta sa pagkakaroon ng barayati ng wika.

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

BARAYATI NG WIKA:

1. IDYOLEK - Ang bawat idibidwal ay maykaniya-kaniyang estilo at paraan ng pagpapahayag o pagsasalita. Ang personal na paggamit ng indibidwal sa isang salita ay tinatawag na idyolek.

Halimbawa:

- "Di-umano" Jessica Soho
- "Okay na 'to" Mommy Grace Tan Felix
- "Let's do the fast talk!" Boy Abunda

Ang isang palatandaan ng idyolek ay kapag narinig mo ang isang partikular na linya, alam mo agad kung sino ang nagsabi - kahit wala ang kanyang pangalan.

2. DAYALEK - Ito ang mga terminong ginagamit ng mga mamamayan ayon sa kanilang heograpikal na kinalalagyan, tulad ng mga partikular na rehiyon o lalawigan.

Halimbawa:

TAGALOG MAYNILA:

"Halika, lumapit ka rito."

(Simple at diretso, walang pandagdag na tunog.)

TAGALOG BATANGAS:

"Ala eh, lumapit ka nga rito, ga!"

(May panandang "ala eh" at "ga" na tipikal sa Batangueño. May diin sa "nga" na nagiging "ngag" sa orihinal mong pahayag.)

TAGALOG QUEZON:

"Halina, lumapit ka naman dito."

(Mas pormal at malumanay ang anyo, gamit ang "halina" imbes na "halika".)

3. SOSYOLEK - Kilala rin bilang pansamantalang barayti ng wika na ginagamit ng isang partikular na sosyal na grupo. Ang leksikon at estruktura nito ay nakauugat sa

sosyo-ekonomikong katayuan at kasarian ng mga indibidwal na gumagamit nito, kaya't nagkakaroon ito ng tiyak na marka ayon sa kontekstong panlipunan.

Halimbawa:

KABATAAN:

- "Awit" (Aw, sakit)
- "Lodi" (Idol)
- "Sakalam" (Malakas)
- "Bruh" (Slang ng bro, karaniwang nag ginagamit sa pagpapahayag ng ekspresyon)

PROPESYONAL:

Doktor

- BP (Blood Pressure)
- Stat (agad) A

Guro

- LP (Lesson Plan)
- SF2 (School Form 2)

IT Professional

- Bug
- Server
- Debug

3. ETNOLEK - Ito ay mga lingguwistikong varayti na nagmula sa wika ng iba't ibang pangkat-etniko. Dahil sa pagkakaiba-iba at dami ng mga etnikong grupo, nabuo ang sari-saring anyo ng etnolek bilang bunga ng kanilang natatanging identidad at kultura.

Halimbawa:

CEBUANO:

- Duwa (dalawa)
- Asa (saan)
- Lami (masarap)

ILONGGO/ HILIGAYNON:

- Palangga (mahal)

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

- Gani (parang)
- Daw (parang)

KAPANGPANGAN:

- Masantang (maganda)
- Dakal (marami)
- E ku (hindi ko)

4. EKOLEK - Karaniwang nagmumula ang mga ito sa pananalita ng mga batang nagsisimula pa lamang matuto ng wika at ng mga matatandang indibidwal, na siyang naglalarawan ng iba't ibang yugto ng pag-unlad at konserbasyon ng wika sa loob ng isang komunidad.

Halimbawa:

- "Tatang" - tawag sa lolo
- "Palikuran" banyo

5. PIDGIN - Ito ay walang pormal na estruktura at tinatawag ding "lengwahe ng walang kinikilalang nagsasalita." Ito ay karaniwang ginagamit bilang midyum ng komunikasyon sa pagitan ng mga indibidwal na nagmumula sa magkakaibang lugar o bansa.

6. CREOLE - Kapag ang pidgin ay naging unang wika ng isang komunidad (halimbawa, mga anak ng mga gumagamit ng pidgin), nagiging creole na ito, na may mas pormal at kumpletong estruktura.

Ang wikang Chavacano ay isang halimbawa ng creole.

7. REGISTER - Ito ay isang teknikal na anyo ng wika na ginagamit upang maiparating ang espesipikong kaalaman sa isang partikular na disiplina. May tatlong uri ito:

LARANGAN

Tumutukoy sa espesipikong larangan o disiplina na nakatuon sa nilalaman at layunin ng komunikasyon, batay sa propesyonal o kontekstuwal na aspekto ng mga kalahok.

Sa isang medikal na konsultasyon, ang larangan ay tumutukoy sa paksang medikal tulad ng pagsusuri sa kalusugan ng pasyente, paggamot, at diagnosis. Ginagamit ang mga terminolohiyang medikal upang maipaliwanag nang tama ang mga sintomas at mga posibleng sakit.

MODO

Ang paraan o midyum kung paano isinasagawa ang proseso ng komunikasyon, kabilang ang mga anyo at daluyan nito.

Ang pakikipag-usap sa pamamagitan ng video call ay isang uri ng modo na ginagamit ang biswal at awdyo na midyum upang maisagawa tem ang komunikasyon. Sa ganitong paraan, naipapasa ang impormasyon nang *real-time* kahit magkalayo ang mga nag-uusap.

TENOR

Ang antas ng relasyon at ugnayan sa pagitan ng mga tagapagsalita na nakaaapekto sa estilo at tono ng komunikasyon.

Ang tono at paraan ng pagsasalita ng isang guro Of ay nag-iiba kapag kausap niya ang mga mag-aaral kumpara sa kaniyang mga kaibigan. Sa mga batimumonnel sghdon mag-aaral, maaaring maging mas pormal ang estilo ng pakikipag-usap, samantalang sa mga kaibigan ay mas kaswal at kolokyal ang tono.

GAMIT NG WIKA SA LIPUNAN

ANO ANG KAHALAGAHAN NG WIKA SA LIPUNAN?

Una sa mga kahalagahan ng wika sa kasalukuyang panahon ay ang bisa nito sa komunikasyon. Mahalaga pa rin ang wika at komunikasyon sa pagpapatupad ng maraming proyekto sa mundo na susi rin sa ikauunlad ng ekonomiya.

G11 MABISANG KOMUNIKASYON

1. Interaksyonal - Tumutukoy ito sa tungkulin ng wika bilang pangunahing kasangkapan sa pagbuo at pagpapanatili ng mga ugnayang panlipunan. Sa pamamagitan ng wika, naitatatag ang komunikasyon na nagpapalalim ng koneksyon at kooperasyon sa pagitan ng mga indibidwal sa loob ng isang komunidad.

2. Instrumental - Ang tungkuling ito ay nakatuon sa paggamit ng wika bilang isang midyum para matugunan ang mga pangangailangan at layunin ng tao, tulad ng paghingi ng tulong, pagbibigay ng direksyon, o pag-utos.

3. Regulatori - Ginagamit ang wika upang kontrolin, gabayan, o impluwensyahan ang kilos at pag-uugali ng ibang tao. Kabilang dito ang mga utos, alituntunin, at patakaran na naglalayong mapanatili ang kaayusan sa lipunan.

4. Personal - Dito ginagamit ang wika bilang daluyan ng pagpapahayag ng sariling damdamin, saloobin, at opinyon. Sa ganitong tungkulin, nagkakaroon ng indibidwal na ekspresyon at pagpapakilala ng sarili.

5. Imahinatibo - Ang tungkulin ng wika sa aspektong ito ay nakatuon sa pagpapahayag ng malikhaing ideya, imahinasyon, at orihinal na kaisipan sa pamamagitan ng mga salitang nag-uudyok ng sining at panitikan.

6. Heuristik - Ginagamit ang wika bilang kasangkapan sa paghahanap, pagkuha, at pagsusuri ng impormasyon. Sa ganitong tungkulin, nagaganap ang pagtatanong, pagsasaliksik, at pagtuklas ng kaalaman.